

Mga Panuntunan sa Pagsasagawa ng *Free and Prior and Informed Consent*

(Batay sa AO 3 of 2012)

Bantay Kita
Training Module sa
Free and Prior and
Informed Consent

Presentasyon 4 ng 4

MGA PAUNANG AKTIBIDAD

1 Pag-aplay para sa Pagkuha ng Certification Precondition

Mga Dokumentong Kailangan:

- Katangian at layunin ng proyekto
- Lokasyon
- Abstrak ng panukalang proyekto
- Indicative budget
- Mga taong masasangkot sa proyekto
- Operasyonal na Plano at mga aktibidad
- Profile ng aplikante

MGA PAUNANG AKTIBIDAD

2 Pagbuo at Komposisyon ng FBI Team

- The Community Development Officer (CDO), bilang Team Leader
- Ang FBI Provincial Focal Person
- Isa (1) mula sa Community Service Center (CSC)
- Dalawang (2) nakatatanda (elder)/lider ng IP elders/leaders na kinilala ng CSC

MGA PAUNANG AKTIBIDAD

3 Mga Tungkulin/Gawain ng FBI Team

- **Sumangguni** sa AD representatives
- **Isagawa ang pre-FBI Conference**
- **Isagawa ang FBI**
- **Tumukoy ng mga elder/lider**
- Maghanda at **magpasa ng report na may mga rekomendasyon**
- **i-liquidate ang lahat ng perang** hinawakan

Mga bagay na dapat gawin sa Pre-FBI

Nakasaad sa function 4 ng FBI team na kabilang ang kondukta ng pre-FBI, kasama dito ang

- Oryentasyon sa mga kailangan sa FBI
- Ang pagkakakilanlan at iba pang pangunahing impormasyon tungkol sa aplikante
- Detalyadong profile ng proyekto
- Work and Financial Plan
- Iba pang importanteng mga bagay na maaaring mapag-kasunduan

Kondukta ng FPIC

Isinasagawa kung ang resulta ng FBI ay may malinaw na overlap sa AD

Hiwalay na pagsasagawa ng karapatan sa FPIC sa bawat pangunahing bahagi ng panukalang aktibidad

Agarang magmomobilisa ng FPIC Team ang RD sa bawat probinsiya na bubuuhin ng:



- Ang Provincial Officer, bilang Team Leader
- Ang Provincial Legal Officer
- Isang (1) Engineer mula sa Provincial o Regional Office
- Ang lider ng FBI Team
- Dalawang (2) IP elder/lider na pinili ng komunidad sa unang asembliya

Mga Tungkulin at Gawain ng FPIC Teams

Tipunin, nang may prior notice, ang unang general assembly upang patunayan ang mga sumusunod:

- FBI Report
- Pagkakakilanlan ng mga IP Elder at Lider
- Proseso ng Paggawa ng Desisyon
- Sensus ng IP/Migrant IP
- Apketadong lugar
- Kung mayroong hidwaan sa boundary

Mga Tungkulin at Gawain ng FPIC Teams

- I-dokumento at padaluyin ang Conflict Resolution Mechanism
- Padaluyin at i-dokumento ang proceedings
- Ipaalam/ipaalala sa mga kalahok ang IPRA sa lahat ng yugto at mga aktibidad

Mga Tungkulin at Gawain ng FPIC Teams

- Ipresenta ang napagkasunduang WFP sa asembliya
- Imbitahan ang mga naaangkop na independyenteng dalubhasa
- Kung sasang-ayunan ng ICC/IP ang aktibidad, tumulong sa paggawa ng Resolution of Consent at MOA, o Resolution of Non-Consent kung hindi sumang-ayon ang mga ICC/IP sa panukala

Mga Tungkulin at Gawain ng FPIC Teams

- Gumawa ng accounting ng lahat ng natanggap na pera o pag-aari
- Maghanda at magpasa ng FPCI report na may mga rekomendasyon at executive summary

Mga Community Assembly

Magsasagawa ng 2 Community Assembly

Unang Community Assembly:
Isasagawa matapos mabayaran ng proponent ang FPIC Fee at maibigay ito sa angkop na NCIP Provincial Office o Center

Pangalawang Community Assembly:
Isasagawa sa araw at lugar na napagkasunduan sa unang community assembly.

Mga kailangan sa unang Community Assembly



- Formal notice sa Regional Director
- Pag-paskil ng mga written notice pitong (7) araw bago ang assembly
- Personal na pag-bigay ng mga formal notice sa mga kinatawan ng AD pitong (7) araw bago ang assembly

Mga kailangan sa unang Community Assembly

- Kinatawan ng proponent/locator
- angkop na LGU/mga LGU Chief Executive/s, angkop na mga NGO at kung mayroon, mga inimbitahang dalubhasa
- Provincial Consultative Body (PCB), kung mayroon

Mga dapat talakayin sa Unang Community Assembly

- Oryentasyon sa IPRA at ang proseso ng FPIC
- Validation FBI report at lugar/mga lugar na apektado
- Census ng mga katutubo/dayong katutubo/’di katutubo

Mga dapat talakayin sa Unang Community Assembly

- Pagkilala at pagpapatunay sa mga IP Elder at Lider
- Pagtukoy sa proseso ng Decision-making o consensus-building
- Pagkakasundo sa paglahok ng mga NGO/CSP

Mga dapat talakayin sa Unang Community Assembly

- Pagpapatunay sa mga kasapi ng FPIC Team
- Presentasyon ng napagkasunduang WFP
- Opsyon, pagpili at imbitasyon ng independyenteng dalubhasa/mga dalibhasa para mag-sagawa ng EIA at mag-bahagi ng kanilang ekspertong opinyon

Mga dapat talakayin sa Unang Community Assembly

- Ayos ng mekanismo para sa conflict/dispute resolution ng mga pinili/hinalal na mga IP Elder/Lider
- Petsa at lugar ng Pangalawang community assembly
- Iba pang usapin na maaring kailangan at mahalagang talakayin

Pangalawang Community Assembly

Kinakailangan sa Pangalawang Community Assembly ang presentasyon ng aplikante plano, programa, proyekto o aktibidad na gusto nitong gawin.

Mga dapat talakayin sa Pangalawang Community Assembly

- Ang Operation Plan at saklaw at lawak ng panukala
- Ang halaga at benepisyo ng panukala
- Ang mga nakikinitang pinsala/kawalan sa komunidad

Mga dapat talakayin sa Pangalawang Community Assembly

- Mga hakbang na gagawin ng aplikante upang maiwasan/pagaanin ang mga ito
- Pagbabahagi ng dalubhasa, kung kalahok o inimbitahan
- Mga puna o opinyon ng iba pang mga stakeholders

Mga dapat talakayin sa Pangalawang Community Assembly

- Open forum
- Iba pang mahahahalagang usapin na pinagkasunduan sa assembly.

Importante

- Bago mag-tapos ang Pangalawang Community assembly, kailangang makapag-usap ng sila-sila lamang ang mga ICC/IP upang mapag-kasunduan ang kanilang mga decision-making/consensus-building schedule

- Kailangang maisagawa mula 10 araw hanggang 2 buwan mula sa petsa ng Pangalawang community assembly

ICC/IP Consensus Building

- Matapos ang Pangalawang Assembly, ang mga ICC/ IP ay mag-uusap upang makabuo ng maayos na consensus
- Ang mga kinatawan lamang ng NCIP na magdodokumento ng usapan ang maaaring lumahok ngunit hindi maaaring makialam

Kung ibinigay ang Pahintulot

- Kaagad na aabisuhan ng FPIC Team ang proponent at ang mga kinatawan ng komunidad para sa negosasyon ng terms and conditions
- Kapag nagkasundo ang mga partido sa terms and conditions, isusulat ang MOA sa katutubong wika at Ingles

Mga Nakapaloob sa MoA

- Detalyadong probisyon ng benefit-sharing alinsunod sa mga batas at regulasyon
- Development projects na batay sa mga priyoridad ng komunidad

Mga Nakapaloob sa MoA

- Pag-monitor ng NCIP ng implementasyon ng MOA
- Pag-iwas/pagpapagaan at resettlement plans para sa mga maaaring panganib
- Mekanismo ng bayad-pinsala
- Pagtatakda para sa ‘di-maaaring paglipat/pagpasa (non-transferability) ng MOA

Mga Nakapaloob sa MoA

- Pagtatakda para sa muling negosasyon ng economic provisions
- Kung kakailanganin ng mga apektadong ICC/IP ng isa pang FPIC

Mga Nakapaloob sa MoA

- Talaan ng mga tungkulin ng kumpanya at mga apektadong komunidad
- Mga mahalagang petsa/tagal ng kasunduan

Mga Nakapaloob sa MoA

- Bukod pa sa mga nakasaad sa batas, mga benepisyo na mula sa host ICC/IP
- Detalyadong tala ng paggamit ng lahat ng pondong nakuha ng host na mga komunidad na ICC/IP

Mga Nakapaloob sa MoA

- Mekanismo para sa malinaw na paglipat at paggamit ng pondo
- Detalyadong mga hakbang para sa proteksyon ng mga karapatan at value systems ng mga katutubo
- Detalyadong mga hakbang para sa konserbasyon/proteksyon ng mga apektadong bahagi ng ancestral domain

Mga Nakapaloob sa MoA

- Mga tungkulin ng aplikante at pari na rin ng host na komunidad ng mga katutubo
- Sistema ng pag-monitor at ebalwasyon ng MOA
- Mga remedyo at/o parusa/multa para sa mga ‘di-pagsunod o paglabag sa mga terms and conditions

Mga Nakapaloob sa MoA

- Pag-deposito ng pero o nabanggit na surety bond
- Probisyon na magbibigay tulong sa panahon ng kalamidad o pinsala sa komunidad
- Probisyon na magsasagawa ng bagong proseso ng FPIC sa mga kaso ng pagmimina, matapos ang exploration stage

Contents of MoA

- Provision on the effects of dormant Certification Precondition
- Membership of proponent in organizations requiring ethical standards in a particular line of activity
- Other requirements provided in this Guidelines.

Ang Corporate Social Responsibility (CSR) o Social Development and Management Projects (SDMP) na requisito ng ating mga kasalukuyang batas ay hindi kabilang sa mga benepisyo na nakasaad dito

Validation Assembly



- Ay isasagawa sa loob ng AD
- Ipapaliwanag ng FPIC Team sa komunidad ang mga probisyon ng MOA sa wikang kanilang ginagamit at naiintindihan

Validation Assembly

- Pag-papatibay ng komunidad ng mga nakapaloob at implikasyon ng MOA
- Pag-pirma ng mga awtorisadong signatories ng MOA at Resolution of Consent